# Pagbabalangkas ng Gabay sa Makabayang Pagpili at Pagbasa ng mga Akdang Gagamitin sa Pagtuturo ng Panitikan sa Ikawalong Baitang

Anna Cristina G. Nadora

Isa sa mga layunin ng asignaturang Filipino ang pagtataguyod ng makabayang kamalayan at damdamin. Mahalagang instrumento sa pagkamit ng layuning ito ang mga akdang binabasa ng mga mag-aaral. Ngunit sa pag-ebalweyt ng kurikulum at modyul ng asignaturang Filipino sa ikawalong baitang, natuklasan ng pag-aaral na ito na may kakulangan sa pamantayan ng pagpili at pagbasa ng mga akdang ginagamit sa pagtuturo ng panitikan. Inilatag ng pag-aaral ang ilang paraan sa pagpili at pagbasa ng mga akda na nakaangkla sa pagkakaroon ng kamalayang makabayan.

Gamit ang konsepto ng pagiging makabayan ni Renato Constantino, tinalakay sa pag-aaral na ito ang ilang paraan ng pagpapamalas ng pagiging makabayan: una, sa pagbuwag ng kolonyal sa kamalayan at ikalawa, sa pagsulong ng progresibong kultura. Sa pagbuwag ng kolonyal na kamalayan, kabilang dito ang pagkilala sa soberanya ng bansa, pagsulong ng wikang pambansa, at paglilingkod sa lokal na industriya. Sa bahagi naman ng pagsusulong ng progresibong kultura, kabilang dito ang pagbuwag sa pyudalismo, pagbuwag ng patriyarkal na kamalayan, at pagsulong ng siyentipikong lapit.

Sa pamamagitan ng *textual analysis*, binasa ang mga akda sa modyul ng Filipino sa Ikawalong baitang mula sa Departamento ng Edukasyon upang masuri ang kamalayang tinataglay ng mga ito. Tiningnan din kung paano tinatalakay sa klase ang mga ito gamit ang mga tanong tungkol sa nilalaman ng akda na bahagi ng modyul. Mula sa pagsusuring ito, pinagtibay ng pag-aaral ang mga katangian ng pagiging makabayan ayon kay Constantino at nakapagbalangkas ng ilang panimulang gabay sa makabayang pagpili at pagbasa ng mga akda.

**Rasyunal**

Iinog ang pag-aaral na ito sa mahigpit na ugnayan ng tatlong paksa: panitikan, edukasyon, at ang umiiral na kaayusang panlipunan. Tumatagos at humuhubog ang mga paksang ito sa mga kamalayan at kilos ng mga mamamayan sa isang partikular na lipunan. Nakatuon ang pag-aaral sa pagtuturo ng panitikang pambansa na siyang nakatakdang batayan sa kurikulum ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) para sa Ikawalong baitang. Dahil panitikang pambansa ang paksa sa Ikawalong baitang, nararapat na taglayin ng mga akda ang konsepto ng pagiging makabayan.

Sa ipinatutupad na kurikulum sa Filipino, kung saan bahagi ang panitikan, ang layunin ng asignatura ay "makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Sa paghihimay ng layuning ito, ninanais malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo at/o mapanuring pag-iisip, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig" (DepEd, 2013).

Isa sa mga partikular na layuning nabanggit ang makalinang ng replektibo at/o mapanuring pag-iisip. Ang mahalagang bisa ng panitikan na napakahirap sukatin ay nangyayari sa paghubog ng mapanuring pag-iisip ng mag-aaral. Kritikal ang pagtuturo ng panitikan dahil hindi nito hinahasa ang mga kakayahang maaaring ipamalas sa loob ng maikling panahon. Ang mapanuring pag-iisip ay hinuhubog nang unti-unti sa mahabang panahon at sinususugan ng iba pang impluwensiya.

Pangunahing impluwensiyang nakaaapekto sa mapanuring pag-iisip ng indibidwal ay ang kanyang kapaligiran o ang lipunang kanyang kinabibilangan. Sa isang lipunang nagmula sa mahabang panahon ng kolonyalismo, matagal na sinikil ang mapanuring pag-iisip ng mga mamamayan. Nahubog ang kamalayang nagsusulong ng pagsunod sa makapangyarihan. Sa sistemang panlipunan kung saan may makapangyarihan at mayroong tagasunod, namamayani ang dehumanisasyon.

Sa pag-aaral ni Freire (2005), binanggit niya na ang dehumanisasyon ay nangyayari hindi lamang sa mga ninakawan ng pagkatao, gayundin sa mga nagnakaw nito. Binabaluktot ng dehumanisasyon ang tunguhin ng tao na magpakatao. Kaugnay ng dehumanisasyon ang pagpapailalim ng tao sa kanyang hanapbuhay o trabaho, *alienation*, at ang paghahanap ng kabuluhan sa pag-iral bilang tao.

Upang makipagtunggali sa dehumanisasyon, kailangan ang mapanuring pag-iisip mula sa mga mamamayan at makita na ang umiiral na kaayusan ay hindi tadhana, sa halip, ito ay bunga ng di makatarungang pagkakaayos ng lipunan (Freire, 2005).

Sa konteksto ng dehumanisasyon, laging may nang-aapi at naaapi. Ang mga nang-aapi ang nagtatakda ng kaayusan samantalang ang mga naaapi ang sumusunod sa kaayusang ito. Sumusunod ang mga naaapi dahil sa takot nila sa pagkakamit ng kalayaan. Dahil sa takot na ito, ang ninanais na lamang nila ay matakasan ang kanilang kalagayan at mapabilang sa grupo ng mga maykapangyarihan.

Sa sanaysay ni Ilagan (2007), inilarawan niya ang pag-iral ng kultura ng represyon sa Pilipinas kung saan naisulong ang indibidwalistang pananaw sa mga mamamayan. Nahubog ang mga Pilipinong mas pipiliin ang seguridad ng sarili kaysa isulong ang kalayaan at magulo ang umiiral na kaayusan.

> Dahil ang represyon ay matagumpay na nakultura sa isip ng madla, nawala na ang kakayahang maging kritikal. Sakali mang naroon pa rin ang bakas ng kritikal na pag-iisip, hindi na iyon sapat upang magsalita at kumilos nang labag sa mga patakaran at kautusan ng mga nasa kapangyarihan. Nawala, lalo na, ang tapang. Nabaog na ang kritikal na pag-iisip sa simpleng pribadong pag-aalala. Ngunit para pumirma sa manipesto o mag-ambag ng piso o dumalo sa rali ng mga militante, naku, hindi. (Ilagan 2007)

Sa ganitong uri ng lipunan tumitingkad ang pangangailangan sa panitikang magsusulong ng mapanuring pag-iisip. Ayon pa kay Ilagan, mahalaga ang papel ng mga artista o manlilikha ng sining at panitikan sa pakikipagtunggali sa represyon.

Ang paglikha ng mga akdang magsusulong ng mapagpalayang kamalayan tungo sa pagbabagong panlipunan ay hindi magiging mabisa kung hindi ito mababasa ng karamihan sa mga mamamayan. Ito ang mahalagang papel ng asignaturang panitikan sa batayang edukasyon ng bansa. Binibigyang-puwang ng edukasyan ang panitikan upang mabasa ng mga

kabataang mamamayan. Ayon na rin sa kurikulum, layunin ng asignatura ang magsulong ng mapanuring pag-iisip.

Ngunit hindi rin maaaring isantabi ang katotohanan na ang edukasyon ay bahagi ng umiiral na kaayusan. Sa maraming pagkakataon sa kasaysayan ng Pilipinas, naging kasangkapan ang edukasyon sa pagmamanipula sa kamalayan ng mamamayan.

> Para sa mga kolonyalista—Espanyol at Amerikano—iisa lamang ang layon ng edukasyon para sa mga mamamayan ng bayang kanilang sinakop, at iyon ay ang pasipikasyon. Dinadamtan ang layuning iyan ng kung ano-anong saplot na paliwanag na nagbibigay ng anyong marangal sa ginawa nilang pandarahas o panlilinlang, subalit litaw pa rin na binibigyan nila ng edukasyon ang mga katutubo upang mapasang-ayon ang mga ito sa kanilang pangungubkob. (Lumbera et.al 2007)

Sa kabila ng pagtatapos ng yugto ng tuwirang kolonyalisasyon, naitanim na sa sistema ng edukasyon ang binanggit ni Ilagan na kultura ng represyon. Hindi lang sa nilalaman, makikita ito sa kabuuang sistema ng pagtuturo, na inihalintulad ni Freire sa pagbabangko. Sa ganitong sistema ng edukasyon, ang guro ang taga deposito ng kaalaman at ang mga mag-aaral ang pasibong taga tanggap.

> In the banking concept of education, knowledge is a gift bestowed by those who consider themselves knowledgeable upon those whom they consider to know nothing. Projecting an absolute ignorance onto others, a characteristic of the ideology of oppression, negates education and knowledge as processes of inquiry (Freire 2005).

Sa sistemang ito ng edukasyon kung saan ang kaalaman ay itinuturing na katotohanang hindi binabangga ng panunuri at pagtatanong, mas madaling naitatawid ang mga kamalayang nais isulong ng naghaharing uri. Sa konteksto ng Pilipinas, patuloy na nagiging kasangkapan ang edukasyon sa umiiral na neoliberalisasyon, kung saan nagiging kapital ang edukasyon sa pag-angat sa lipunan.

> Ang may kultural na kapital (edukasyon) ay nangingibang-bayan, tulad ng sampung milyong *Overseas Contract Workers* (OCW), o ang *special offer* ng kasalukuyang gobyerno—ang maging kasapi ng pinakabagong rainbow *industry* sa bansa, ang *call center*. Pero ang nakararaming walang oportunidad sa panlipunang mobilidad ay dumaranas ng matin-ding pagkagutom, at ang opsyong natitira sa kanila: ang kumain ng "pagpag" (mangalaykay ng pagkain sa basurahan para muling iluto at ulamin). (Lumbera et al., 2007)

Sa umiiral na kaayusan, ang edukasyon ang nagsisilbing tagapagtawid ng kamalayang indibidwalista, kung saan nauuna ang kapakanang pansarili. Ang asignaturang panitikan sa batayang edukasyon, na ang pangunahing layunin ay magsulong ng mapanuring pag-iisip, ay nasa alanganing kalagayan kung ang kabuuang sistema ng edukasyon ay taliwas dito.

Tinatangka ng pag-aaral na ito na linawin ang tunguhin ng pagtuturo ng panitikan na magsulong ng mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng pagkiling nito sa makabayang oryentasyon, taliwas sa lumalakas na indibidwalistang kamalayan. Sa pamamagitan ng pagbabalangkas ng gabay sa makabayang pagpili at pagbasa ng mga akdang pampanitikan na gagamitin sa klase, binibigyan ang mga guro at mag-aaral ng pagkakataon na makita, masuri, at magpalitan ng pananaw ukol sa umiiral na kaayusang panlipunan.

**Paglalahad ng Suliranin**

Makikita sa kasalukuyang kurikulum na may kakulangan sa batayan sa pagpili ng mga akdang gagamitin sa pagtuturo ng panitikan. Tanging ang lugar na pagkukuhanan ng akda ang limitasyon sa pagpili. Sa ikapitong baitang, gagamit ng mga akdang rehiyonal. Sa ikawalong baitang tatalakayin ang mga akda ng panitikang pambansa. Sa ikasiyam at ikasampung baitang gagamitin ang mga salin-tekstong Asyano at pandaigdig.

Kung magbabalik-tanaw sa 2010 kurikulum, makikita na nabanggit ang ispesipikong anyong pampanitikang tatalakayin sa bawat markahan. Sa ganitong batayan, natututukan ang pag-aaral ng bawat anyong pampanitikan. Lumiit din ang pagpipilian ng gagamiting teksto sa pagtuturo kaya mas dumali ang pagpili ng akdang tatalakayin sa klase. Kung titingnan naman ang kahinaan ng ganitong batayan, naging tiyak ang banggaan ng lugar na pagkukuhanan ng akda at ng uri ng anyong pampanitikan sa bawat markahan. Naisasara nito ang

puwang sa ibang mga anyong pampanitikan na galing sa ibang saklaw. Halimbawa, bagama't mayaman ang panitikang rehiyonal at panitikang pambansa sa mga maikling kwento, maaari lamang itong gamitin sa ikatlong taon kung kailan salin-tekstong Asyano ang nakatakdang basahin.

Nawala ang pagtutok sa bawat anyong pampanitikan nang palitan ang kurikulum. Sa kurikulum ng K to 12, iba-iba ang mga anyong pampanitikan na ginamit sa bawat markahan. Mapapansin sa dami at pag-uulit ng anyong pampanitikan sa bawat markahan na nakabatay ito

***Talahanayan 1***
*Paghahati ng Anyong Pampanitikan ayon sa 2010 Kurikulum*

| | **Unang Taon Mga Tekstong Literaring Rehiyunal** | **Ikalawang Taon Mga Tekstong Literaring Pambansa** | **Ikatlong Taon Mga Saling-Tekstong Literaring Asyano** | **Ikaapat na Taon Mga Saling Tekstong Literaring Pandaigdig** |
|---|---|---|---|---|
| Unang Markahan | Pabula | Tula | Maikling Kuwento | Parabula |
| Ikalawang Markahan | Alamat | Balagtasan | Dula (Pantelebisyon/ Pampelikula) | Mitolohiya |
| Ikatlong Markahan | Epiko | Dula (Pantanghalan) | Nobela | Sanaysay |
| Ikaapat na Markahan | (Korido) Ibong Adarna | (Awit) Florante at Laura | (Nobela) Noli Me Tangere | (Nobela) El Filibusterismo |

(Kurikulum ng Edukasyong Sekondarya ng 2010)

***Talahanayan 2***
*Paghahati ng Tema ayon sa K to 12 Kurikulum*

| | **Ikapitong Baitang Panitikang Rehiyunal** | **Ikawalong Baitang Panitikang Pambansa** | **Ikasiyam na Baitang Mga Saling-Akdang Asyano** | **Ikasampung Baitang Mga Saling Akdang Pandaigdig** |
|---|---|---|---|---|
| Unang Markahan | Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao | Salamin ng Kahapon...Bakasin Natin Ngayon | Mga Akdang Pampanitikan ng Timog Silangang Asya | Panitikang Mediterranean |
| Ikalawang Markahan | Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan | Sandigan ng Lahi... Ikarangal Natin | Mga Akdang Pampanitikan ng Silangang Asya | Panitikan ng mga Bansa sa Kanluran |
| Ikatlong Markahan | Panitikang Luzon: Larawan ng Pagkakakilanlan | Kontemporaryong Panitikan Tungo sa Kultura at Panitikang Popular | Mga Akdang Pampanitikan ng Kanlurang Asya | Panitikan ng Africa at Persia |
| Ikaapat na Markahan | Ibong Adarna: Isang Obra Maestra | Florante at Laura: Isang Obra Maestrang Pampanitikan ng Pilipinas | Noli Me Tangere sa Puso ng mga Asyano | El Filibusterismo sa Nagbabagong Daigdig |

(K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum Disyembre 2013)

sa mga halimbawang tekstong nakalakip na sa *competencies* o kasanayang nalilinang sa klase.

Kung titingnan naman ang tema bilang gabay sa pagpili ng akda, makikita na hindi nalalayo ang tema nito sa lugar na pagkukuhanan ng akda.

Samakatuwid, bukod sa lugar na pinanggalingan ng akda, may kakulangan sa malinaw na batayan sa pagpili ng mga akda ang nakasaad sa kurikulum.

Ang ganitong problema sa kurikulum ay naipapasa sa mga gumagawa ng modyul at teksbuk, na gagamitin ng mga guro, at babasahin ng mga mag-aaral.

Dahil may kakulangan sa batayan sa pagpili ng akdang ituturo sa klase, nakabatay ang mga gumagawa ng modyul at teksbuk sa *competencies* o mga kasanayan. Sa ganitong sistema, higit na pinagtutuunan ng pansin ang paglalahad ng aralin na nakaangkla sa *competencies* at naisasantabi ang mayamang pagbasa sa mismong akda.

Sa Baitang 8 ay may walong domain ng pagkatuto ayon sa kurikulum: pag-unawa sa napakinggan, pag-unawa sa binasa, paglinang ng talasalitaan, panonood, pagsasalita, pagsusulat, wika at gramatika, at estratehiya sa pag-aaral. Sa unang anim na sesyon sa unang markahan, nakasaad ang mga sumusunod na kinakailangang kasanayan.

Mula sa tekstong mapipili ng lilikha ng modyul o teksbuk, maaari siyang lumikha ng mga gawain na tutugon sa hinihinging kasanayan. Hindi isinasaalang-alang ng batayan na ito ang kamalayang taglay ng akdang mapipili ng awtor ng modyul o teksbuk. Kahit pa nakasaad sa mga kasanayan na kailangang mahulaan at maiuugnay ng mga mag-aaral ang "mahahalagang kaisipan" na taglay ng akda sa mga pangyayari sa tunay na buhay, hindi malinaw kung ano ba ang "mahahalagang kaisipan" na ito.

Kung babalikan ang kurikulum, ang isa sa mga kasanayan na nilalayong linangin ng asignaturang Filipino ay ang mapanuring pag-iisip. At ang mga nalinang na kasanayan ay nakatuon sa tatlong tunguhin: pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig (DepEd, 2013).

Upang makamit ang layunin ng asignatura, kinakailangang taglayin ng materyal sa pagtuturo, pangunahin na ang mga teksbuk o babasahin, ang nilalaman at gabay sa pagtalakay na malinaw na

***Talahanayan 3***

*Kinakailangang Kasanayan Sa Unang Anim na Sesyon ng Unang Markahan ng Baitang 8*

| **Domain ng Pagkatuto** | **Kasanayan** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nahuhulaan ang mahahalagang kaisipan at sagot sa mga karunungang bayang napakinggan |
| Pag-unawa sa Binasa | Naiuugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa mga karunungang-bayan sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang kahulugan ang mga talinghagang ginamit |
| Panonood | Nakikilala ang bugtong, salawikain, o kasabihan na ginamit sa napanood na pelikula o programang pantelebisyon |
| Pagsasalita | Naibabahagi ang sariling kuro-kuro sa mga detalye at kaisipang nakapaloob sa akda batay sa pagiging totoo o hindi totoo; may batayan o kathang-isip lamang |
| Pagsulat | Naisusulat ang sariling bugtong, salawikain, sawikain, o kasabihan na angkop sa kasalukuyang kalagayan |
| Wika at Gramatika | Nagagamit ang paghahambing sa pagbubuo ng alinman sa bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan (eupemistikong pahayag) |
| Estratehiya sa Pag-aaral | (Walang nakasaad) |

(K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum Disyembre 2013)

nakasandig sa konsepto ng pagiging makabayan. Nasasaklaw ng konsepto ng pagiging makabayan ang pagtaliwas sa indibidwalistang pananaw kung saan laging nauuna ang pansariling kapakanan. Pinatatatag ng konseptong makabayan ang responsibilidad at malasakit ng isang mamamayan sa kanyang kapwa at sa kanyang bayan. At binibigyan ng konseptong makabayan ng matatag na haliging kakapitan ang mga Pilipino sa pagragasa ng impluwensiyang dayuhan sa pagbubukas ng bansa sa globalisasyon. Sa pamamagitan ng konseptong ito, nahahawan ang landas tungo sa tatlong tunguhing nakasaad sa kurikulum.

Sa kabila ng ganitong silbi ng konseptong makabayan, hindi madaling hulihin ang esensya ng terminong ito. Maaaring maging kasinlabo ito ng "mahahalagang kaisipan" na naunang nabanggit. Dagdag dito, ang sistema ng maling edukasyon na pinalaganap sa Pilipinas ay tuluyang nagpalabo ng kahulugan ng termino.

> Miseducation is the concern not only of students but also of the whole nation. The essence of miseducation, the molding of captive minds so that they well continue to accept foreign domination. It is instilling a false patriotism—that which boasts of wearing barong Tagalog and loving bagoong and letting former colonizers pillage the national economy at the expense of our impoverished people. (Constantino, n.d.)

Kung malabo sa karamihan ang kahulugan ng pagiging makabayan, hindi ito maaaring gamiting batayan sa pagpili at pagbasa ng mga akda. Hindi ito mahahanap sa kahit na anong akda kung hindi alam ng naghahanap kung ano nga ba ang hinahanap niya.

Samakatuwid, maaari lamang maisaalang-alang ang kamalayang makabayan sa pagpili ng akda kung malinaw ang tunay na kahulugan nito. Sa pag-aaral na ito, ang depinisyon ni Constantino ang magiging saligang kahulugan ng terminong makabayan.

> Nationalists in a colony or neocolony stand for economic independence, political sovereignty, and cultural integrity. The enemy of nationalism is foreign exploitation and domination from whatever source. A nationalist movement is for genuine independence which precludes foreign interference in national affairs. (Constantino, n.d.)

Sa pag-aaral na ito, tutugunan ang suliranin sa pangangailangan ng malinaw na gabay sa pagpili at pagbasa ng mga akda sa pagtuturo ng panitikan sa ikawalong baitang.

**Konseptwal na Balangkas**


Ang gabay sa pagpili at pagbasa ng akda ay pangunahing nakasalig sa konsepto ng pagiging makabayan. Sinusuportahan ang konseptong ito ng teorya ni Freire ukol sa pagtuturo tungo sa pagkilos at ng konsepto ng makabayang panitikan.

Sa konsepto ng pagiging makabayan, ginamit ang depinisyon ni Renato Constantino at itinampok ang dalawang katangiang nagpapamalas ng kamalayang makabayan: pagbuwag sa kamalayang kolonyal at pagsulong ng progresibong kultura. Mahalaga ang dalawang katangian dahil nagpapahiwatig din ang mga ito ng proseso ng pagbabago. Una, kailangan ang paghulagpos sa tali ng kolonyal na kamalayan at ikalawa, kailangan isulong ang landas tungo sa kultural na pagbabago.

Mahigpit na kaugnay ng makabayang lapit ang teorya ng pagkilos na itinampok ni Freire sa pag-aaral niya tungkol sa mga nakararanas ng opresyon. Binigyang-pansin ni Freire ang halaga ng dayalogo upang magsulong ng pagkilos na nakatuon sa tunay na kalayaan. Bukod sa pagsasanib ng makabayang konsepto ni Constantino at ng istruktura ng pagtuturo tungo sa pagkilos ni Freire, napayayaman din ng dalawang lapit ang isa't isa. Ang makabayang gabay na bubuuin ay hindi lamang tututol sa kolonyal na kamalayan at nakamihasnang kultura, sa halip, bubuwagin nito ang kabuuang kamalayang nag- susulong ng opresyon at dominasyon.

Mula sa konseptuwalisasyon, ilulugar ang paksa sa umiiral na tunggalian ng dominante at alternatibong kultura. Ang daloy ng konseptong makabayan ay kabilang sa alternatibong kulturang pambansa, siyentipiko, at makamasa. Magmumula ang gabay sa konseptuwalisasyon at paglulugar ng paksa.

Ang gabay ay binubuo ng mga katangian ng akda na nagpapamalas ng konseptong makabayan. Ang konseptong makabayan na pinagtuunan ng pansin ng pag-aaral na ito ay ang pagbuwag sa anti-kolonyal na kamalayan at pagsulong ng progresibong kultura, kung saan ang bawat kategorya ay inilarawan sa ilan pang partikular na pagpapa-




malas.

**Paghihimay sa Modyul sa Filipino ng Ikawalong Baitang tungo sa Pagbabalangkas ng Gabay**

<u>A. Paglalarawan sa Anyo o Format ng Modyul sa Ikawalong Baitang</u>

Ang pagtalakay sa panitikang pambansa sa ikawalong baitang ay binubuo ng walong modyul. Ang unang modyul ay tatalakay sa panitikan sa panahon ng katutubo. Karamihan sa mga akdang pampanitikan sa bahaging ito ay mga naisulat na panitikang oral. Sa ikalawang modyul kabilang ang panitikan sa panahon ng Espanyol. Sa haba ng panahon ng pananakop ng mga Espanyol, makikita ang magkaibang panitikan na umusbong sa yugtong ito: ang panitikang relihiyoso at panitikang rebolusyonaryo. Tatalakayin naman sa ikatlong modyul ang mga akdang naisulat sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Sa ikaapat na modyul pagtutunan ng pansin ang panitikan sa panahon ng Hapon. At sa ikalimang modyul babasahin ang panitikan sa panahon ng kasarinlan. Ang natitirang tatlong modyul, na hindi na saklaw ng pag-aaral na ito ay tatalakay sa iba't ibang media gaya ng *tabloid*, komiks, *broadcast*, at pelikula.

Nagtataglay ang bawat modyul ng mga araling teksto at mga gawain. Ang mga pangunahing elemento na taglay ng lahat ng modyul ay ang Panitikan, na lunsarang teksto; Pagpapayaman, na kinabibilangan ng mga gabay na tanong sa talakayan at iba pang malikhaing gawain kaugnay ng teksto; at Aralin, na binubuo ng anyong pampanitikan at/o aralin sa wika at komunikasyon.

Ang mga anyong pampanitikan na kabilang sa limang modyul ng ikawalong baitang ay ang panitikang oral, maikling kuwento, dula, tula, at sanaysay. Tinalakay ang katangian ng bawat anyong

pampanitikan sa bahagi ng modyul kung saan unang beses ginamit na lunsarang teksto ang partikular na anyong pampanitikan. Halimbawa, ang tugma at sukat sa tula ay tinalakay bago ipabasa ang mga unang halimbawa ng tula sa modyul. Nagsisilbing *overview* at dagdag-kaalaman ang detalye sa anyong pampanitikan sa pagbabasa ng mismong akda.

Mapapansin naman sa mga gabay na tanong sa talakayan, ang mga tanong na nakatuon sa anyong pampanitikan. Bagama't bahagi ng talakayan ang ilang tanong tungkol sa katangian ng anyong pampanitikan, hindi napapalalim ng mga tanong sa talakayan ang pagsusuri ng akda ayon sa anyo nito. Halimbawa, sa akdang Pilandok, nabanggit sa talakayan ang ilang tanong ukol sa katangian o kahalagahan ng kuwentong-bayan, subali't walang malinaw na pagsasakonteksto ng akda ayon sa katangian ng kuwentong-bayan. Kung ihihiwalay si Pilandok sa kanyang konteksto, at ilalapat sa parametro ng 'mabuting asal,' lalabas siyang isang manlilinlang at 'masamang' tauhan na nagpahamak sa isang pinuno ng bayan.

Sa kawalanng konteksto ng anyong pampanitikan, nawala ang bisa ni Pilandok bilang mahalagang *trickster hero* o katumbas ng *epic hero* o bayaning epiko sa panitikang oral ng Pilipinas.

Kung ang maisasalin sa mga mag-aaral ay ang negatibong katangian ng sariling panitikan, ano ang magiging dahilan para ipagmalaki nila ang pagiging Pilipino?

Bukod sa panitikang oral, ang ibang anyong pampanitikan gaya ng maikling kuwento, tula, dula, at sanaysay ay may kani-kaniyang katangian na magpapayaman sa pagtalakay ng akda. Bagama't ang mga anyong pampanitikan na ito ay may impluwensiya ng mga dayuhang tradisyong pampanitikan, inaral, ginamit at pinagyaman ng mga Pilipinong manunulat ang mga anyong pampanitikan na ito upang maisalamin, mailantad, at masuri ang kasaysayan, kultura at lipunang Pilipino.

Bukod sa pagsasakonteksto ng anyong pampanitikan, mahalaga ring tingnan ang pag-uugnay ng kasaysayan sa pagkakasunod-sunod ng akda.

Ang unang limang modyul sa ikawalong baytang ay mayroong pamagat ayon sa yugto ng kasaysayan kung kalian naisulat ang mga akdang pampanitikan na bahagi ng partikular na modyul.

Ang paglalarawan sa mga yugto ng kasaysayan ay ayon sa tradisyonal na pagtingin kung saan pinapangalanan ang yugto ayon sa lahi o bansang sumakop sa Pilipinas. Ang unang modyul ay ang panahon ng katutubo kung kailan wala pang dayuhang mananakop ang umangkin sa Pilipinas bilang kolonya. Ang ikalawang modyul ang panahon ng Espanyol. Ikatlong modyul naman ang panahon

***Talahanayan 4***
*Distribusyon ng mga akda ayon sa anyong pampanitikan*

| Panitikang Oral | Maikling Kwento | Dula | Tula | Sanaysay |
|---|---|---|---|---|
| 1. Naging Sultan si Pilandok<br>2. Ang Hudhud ni Aliguyon<br>3. Bugtong, Tanaga, at Dalit<br>4. Ang Paghahanap ni Matabagka sa Diyos ng Hangin<br>5. Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong ng Langit | 1. Kung Bakit nasa ilalim ng Lupa ang Ginto<br>2. Paglalayag sa Puso ng Isang Bata<br>3. Lupang Tinubuan | 1. Walang Sugat<br>2. Sinag sa Karimlan | 1. Kalungkutan sa Tag-ani<br>2. Agahan<br>3. Panaginip<br>4. Umulan man sa Bundok<br>5. Santa Cruz<br>6. Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoong Natin<br>7. Pag-ibig sa Tinubuang Lupa | 1. Pahayag |

ng Amerikano. Ikaapat ang panahon ng Hapon. At ikalima ang panahon ng kasarinlan kung kailan kinilala na ang sariling pamahalaan ng Pilipinas.

Sa ganitong paghahati ng mga modyul, makikita ang higpit ng ugnayan ng panitikan sa kasaysayan ng bansa. Ipinapahiwatig ng ganitong paghahati ang kakayahan ng panitikan na salaminin ang lipunang Pilipino sa bawat yugto ng kasaysayan.

Bukod sa ugnayan ng panitikan at kasaysayan, malaki rin ang papel ng kasaysayan sa pagsulong ng damdaming makabayan. Ang kasaysayan, gaya ng panitikan, ay isa rin sa mga pangunahing tagapagsulong ng damdamin at kamalayang makabayan. Bukod pa sa nilalaman na kamalayan ng mga akdang pampanitikan, ang pagkakaayos nito ayon sa pananaw sa kasaysayan ay malaki ang bahaging ginagampanan sa paghubog ng pagiging makabayan.

Gayunman, may ilang suliranin sa ganitong pagkakaayos ng kasaysayan sa modyul na gawa ng DepEd.

Una, ang pagkakaroon ng "panahon ng katutubo" na tumutukoy sa yugto ng kasaysayan na hindi pa nagiging kolonya ang Pilipinas, ay problematikong termino. Hinihiwalay nito ang mga 'katutubo' sa kasalukuyang mga Pilipino. Nagdudulot ito ng impresyon sa terminong 'katutubo' bilang luma, sinauna, hindi sibilisado, at iba pang kaugnay na paglalarawan. Sa katunayan, ang terminong 'katutubo' ay tumutukoy sa lahat ng lehitimong Pilipino, kaya ang panahon ng katutubo ay hindi mainam na marka ng yugto sa kasaysayan dahil habang may lehitimong Pilipino, umiiral ang panahon ng 'katutubo.'

Sa ibang mga aklat pangkasaysayan, ginagamit ang 'prekolonyal' bilang paglalarawan sa panahon bago pa masakop ng ibang lahi ang bansa. Sa kabila ng pagpapalit ng termino, nananatili ang isa pang problema, ang pagtingin sa kasaysayan mula sa perspektibong dayuhan.

Ayon sa pag-aaral ni Agcaoili (2010), ang tradisyonal na paghahati sa mga yugto ng kasaysayan ay nagdudulot ng makadayuhang pananaw sa mga mag-aaral. Nakikita nila ang mga Pilipino bilang lahing bigo at napapailalim sa pwersang dayuhan. Samantala, ang lapit na nakaayon sa kasaysayang bayan, higit na nabibigyang tuon ang aktibong partisipasyon ng mga Pilipino sa paghubog ng sariling bayan. Nagdudulot ito ng kaakuhan o identidad sa pagiging Pilipino at nagpapahatid ng damdaming pagmamalaki sa sariling bayan. Sa pagkakahati ayon sa kasaysayang bayan, hindi gumamit si

***Talahanayan 5***
*Peryodisasyon sa Kasaysayan*

| **Tradisyonal na Kasaysayan** | **Kasaysayang Bayan** |
|---|---|
| Panahong Prehistoriko | Pagsibol ng Lahing Pilipino at Kapaligiran<br>Paglinang ng Likas Yamang Bayan<br>Paglinang ng Kabihasnan at Bayan<br>Pagbubuo ng Kalinangan at Kamalayang Bayan<br>Ang Bayan Hanggang Pagkakabuo ng Sultanato |
| Panahon ng mga Espanyol | Pagbabagong-Anyo ng Bayan<br>Pakikibaka ng Bayan<br>Pagtindig ng Haring Bayan sa Himagsikan |
| Panahon ng mga Amerikano | Pagpapatuloy ng Diwa ng Bayan |
| Panahon ng mga Hapones | Panibagong Hamon sa Bayan |
| Panahon ng Ikatlong Republika Hanggang sa Kasalukuyan | Hamon at Tunguhin ng Bayan: Kapangyarihang Bayan at Di-tapos na Himagsikan (1946-Hinaharap) |

Agcaoili ng mga palatandaang ayon sa mga kolonyalista.

B. Pagsusuri ng mga Akda Ayon sa Parametro ng Pagiging Makabayan

Sa pagbasa ng mga umiiral na akda at pagpili ng mga susunod pang akda, maaaring gamiting parametro sa makabayang pagsusuri ang dalawang katangian ng pagiging makabayan: ang pagbuwag ng kolonyal na kamalayan at ang pagsulong ng progresibong kultura. Ang dalawang kategoryang ito ay may tigatlong paraan ng pagpapamalas.

1. Pagbuwag sa Kolonyal na Kamalayan

Sa mga akdang kabilang sa modyul, tampok ang mga akda ni Andres Bonifacio at Emilio Jacinto na pangunahing nagsusulong ng anti-kolonyal na kamalayan. Sa "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa," pinupukaw ang damdaming makabayan ng Pilipinong mambabasa. Samantala, sa sanaysay na "Pahayag," malinaw na ipinaliwanag ni Jacinto ang kahalagahan ng tunay na kalayaan.

Bagama't may taglay na bisa pa rin ang mga mensahe ng mga akdang ito sa kasalukuyang panahon, higit na naikakahon ang mga ito sa konteksto kung saan sakop pa ang Pilipinas bilang kolonya ng Espanya. Nawawala ang impluwensiya ng mga akda bilang napapanahong paksa dahil para sa mga mag-aaral, tapos na ang panahong iyon. Ang damdamin at kamalayang makabayan na ninais isulong noong panahong iyon ay hindi na ang parehong damdamin at kamalayang makabayan na kinakailangang umiral sa kasalukuyan.

Sa isang banda, maaaring tama ang asersyon na ito. Magkaiba na nga ang sitwasyon. Wala na ang pisikal na pagsiil sa kalayaan. May sarili nang pamahalaan ang Pilipinas. Wala na ang mga prayle at guwardiya sibil.

Ngunit sa kabilang panig, nararapat na pagtuunan ng pansin sa talakayan, kapwa ang konteksto ng kawalan ng tunay na kalayaan at mahinang pagkilala sa soberanya ng Pilipinas. Wala man ang pwersang militar, hindi pa rin malaya ang Pilipinas sa kapangyarihan ng dayuhang pwersa. Ang mga dayuhan pa rin ang nagtatakda ng daloy ng ekonomiya ng bansa. Nakatali pa rin ang pamahalaan sa mga kasunduan sa Estados Unidos. Nagbago lang ang manipestasyon ngunit nananatili ang paniniil. Ang kawalan ng kalayaan ay nananatili at patuloy na kinakailangan ang pakikipaglaban para dito. Kinakailangan pa rin ang paggamit ng talino at kakayahan upang pagsilbihan ang lokal na industriya. Kinakailangan pa rin ang pagmamahal at paggalang sa sariling bayan. Kinakailangan pa ring manindigan, bagama't mahirap at may mga sakripisyo, sa kapakanan ng bayan.

Kung ilalabas sa kontekstong nagluwal sa dalawang akda at babasahin ang mga ito gamit ang kasalukuyang konteksto, makikita ang patuloy na bisa ng mensahe nina Bonifacio at Jacinto.

Bukod sa dalawang nabanggit na akda, ang iba pang mga ginamit na akda ay mayroon mga potensyal, sa ilang bahagi ng teksto, na bumuwag sa kolonyal na kamalayan. Kung babalikan ang mga pagpapamalas ng pagbuwag sa kolonyal na kamalayan, makabubuo ng gabay sa pagbasa at pagpili ng mga akda.

a. Pagkilala sa Soberanya

Ang katangiang ito ng pagiging makabayan ang nakatuon sa political na aspekto. Ang isang makabayan ay may paggalang sa soberanya ng kanyang bansa. Kinikilala niya ang kakayahan ng kanyang bansa na makapagsarili at hindi umasa sa dayuhang suporta.

Sa pagbasa at pagpili ng akda, maaaring pagtuunan ng pansin ang prinsipyo ng tauhan. Paano ba tingnan ng tauhan ang kanyang bansa? Ano ang mga kilos niya upang ipagtanggol ang kanyang bayan at kapwa?

Maaaring halimbawa rito ang naging kilos ni Pilandok. Batid niyang higit na makapangyarihan ang Sultan pero kilala niya ang kanyang sariling kakayahan. Ginamit niya ang kanyang talino upang maisahan ang Sultan at maalis sa kapangyarihan. Naagaw niya ang trono mula sa mapang-aping Sultan at nagawa niyang protektahan ang kanyang mga kapwa mamamayang naabuso ng katiwalian.

Bukod sa tauhan, maaari ding pagbatayan ang tunggalian at ang kabuuang mensahe ng akda.

Sa pagbasa ng "Kung Bakit nasa Ilalim ng Lupa ang Ginto," maaaring pagtuunan ng pansin ang negatibong epekto ng pagpapailalim sa tagalabas. Kung tutuusin, tahimik na namumuhay ang tribo. Puno sila ng pag-ibig sa kapwa. Ngunit sa pagtanggap nila ng 'gantimpala' galing sa tagalabas, nasira

ng imbot at inggit ang kanilang samahan. Sa huli, pinarusahan pa sila sa sumpang patuloy nilang hahangarin ang ginto at paghihirapang hukayin sa lupa.

Maaaring magsilbing aral ang kwento na maging mapanuri sa anumang impluwensiyang nagmumula sa labas. Kilalanin muna ang sarili at pahalagahan ang umiiral na mabubuting katangian ng bayan. Suriin kung paano nawawasak ng mga 'ginto' o ilusyon ng karangyaan ang matiwasay na samahan ng mga mamamayan.

Marami pang mga akda ang maaaring talakayin na nakatuon sa pagkilala sa soberanya ng Pilipinas. Hindi man tuwirang tungkol sa Pilipinas, maaaring magsilbing repleksyon ang katangian ng tauhan sa dapat na pagpapahalaga sa kasarinlan ng bayan.

b. Pagsulong ng Wikang Pambansa

Ang mga akdang nagtataglay ng pagsulong ng wikang pambansa ay binatay sa pagpapayaman ng bokabularyo. Ang mga salitang ipinakilala ng mga partikular na akda ang nagpapayaman sa wikang pambansa.

Mahalagang aspekto ang pagtingin sa wikang pambansa, hindi lamang ang paggamit nito. Maaari kasing gamitin ang wikang pambansa habang nananatili ang higit na pagdadakila sa Ingles. Sa pagbuwag ng kolonyal na kaisipan, mahalaga na makita ang papel ng pambansang wika sa buhay ng mga Pilipino.

Sa pagpili ng mga akda na nagsusulong ng pambansang wika, maaaring tingnan muli ang pananaw ng tauhan ukol sa wika. Paano nila ginagamit ang wika? Ano ang impresyong nabubuo sa paggamit ng tauhan ng wikang Filipino—nagiging kahanga-hanga ba siya? Saan ginagamit ang wikang Filipino—sa personal na usapan lang ba o maging sa iba't ibang larangan?

Maaari ding pumili ng mga akda na nagpapamalas ng tunay na kalagayan ng wikang pambansa at kung ano ang implikasyon nito. Sa patuloy na pamamayani ng wikang Ingles sa mga paaralan, anong uri ng Pilipino ang nahuhubog? Ano ang implikasyon ng pagiging mahusay sa Ingles at mahina sa Filipino?

Napakalaking bahagi ang ginagampanan ng Ingles sa pagpapanatili ng kolonyal na kamalayan sa bansa. Ang mataas na pagtingin sa Ingles ang patuloy na humahamak sa pananaw sa sarili ng mga Pilipino. Higit pa nilang nanaising maging magaling sa wikang hindi nila identidad dahil ito ang wikang nagbubukas ng maraming oportunidad. Sa ganitong pananaw, nawawala ang pagmamahal sa sarili ng mga Pilipino dahil mas nanaisin pa nila na maging dayuhan.

c. Paglilingkod sa Lokal na Industriya

Isa sa malalaking hamon sa pagiging makabayan ang praktikalidad. Sa kasalukuyang panahon kung saan ang kita o sweldo na makakabuhay ng pamilya ay manggagaling sa ibang bansa—maging *Overseas Filipino Worker* (OFW) o empleyado sa *Business Process Outsourcing* (BPO), paano isusulong ang paglilingkod sa lokal na industriya?

Maaaring iugnay sa paksang ito ang mga akda na naglalaman ng pagtitiis at katatagan para sa mas malaking kapakinabangan. Bagama't malaking sakripisyo ang piliin ang mas mahirap na kabuhayan, sa katagalan, pinalalaya naman nito ang pagkakagapos ng bansa sa dayuhang kapitalista.

Sa pagpili ng mga akda, maaaring pagtuunan ng pansin ang kasalukuyang kalagayan ng ekonomiya kung saan pinipili ng mga Pilipino na makapagtrabaho sa ilalim ng mga dayuhang kapitalista. Ngunit sa halip na ipakita ito bilang mabuting oportunidad sa pag-asenso, higit na kailangang bigyang pansin ang epekto nito sa ekonomiya ng Pilipinas. At sa palitan ng lakas at talino katumbas ng sweldo inaalok ng mga BPO, laging talo ang mga Pilipino.

2. Pagsulong ng Progresibong Kultura

Bukod sa pagbuwag ng kolonyal na kaisipan, isa pang katangian ng pagiging makabayan ang pagsulong ng progresibong kultura. Tinutunggali nito ang umiiral na dominanteng kultura kung saan namamayani ang malawak na agwat sa uri at kasarian. Sa malawak na agwat na ito, may uri at kasariang makapangyarihan at may naaabuso. Sa pagsulong ng progresibong kultura, pinaliliit kung di man tuluyang winawasak ang agwat na ito..

a. Pagbuwag sa Pyudalismo

Ang pyudalismo na patuloy na umiiral sa lipunang Pilipino ang nagpapanatili ng agwat sa pagitan ng mga uri. Ang may-ari ng lupa o kapitalista ang may hawak ng kapangyarihan upang

mapasunod ang mga walang pag-aari. Binibili ang lakas at talino ng mga manggagawa sa mababang halaga upang mapanatili ang kita o tubo ng mga namumuhunan.

Bukod sa ugnayan sa ekonomiya, ang pagturing sa bawat uri kung saan higit na pribilehiyado ang nasa mataas na uri kumpara sa nasa mababang uri ay tanda pa rin ng di makatarungang paghahati sa lipunan.

Sa isang progresibong kultura, winawasak ang pyudalismo at ang pang-aabuso batay sa uri. Ang pagpapalitan ng lakas at talino katumbas ng kita sa produksyon ay kinakailangang maging makatarungan, kung saan natatanggap ng mga manggawa ang sapat sa kanilang pangangailangan

Sa pagpili at pagbasa ng akda, mainam na maipakita ang kasalukuyang kalagayan at epekto ng pyudalismo sa lipunang Pilipino. Sa paghasa ng mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral, kailangang makita nila ang implikasyon ng ganitong sistema ng lipunan at makapagmungkahi ng mga kilos tungo sa pagbabago.

b. Pagbuwag sa Patriyarkal na Lipunan

Bukod sa agwat sa uri, nananatili rin ang usapin sa agwat ng kasarian. Sa kasalukuyang modyul, mainam ang paggamit ng mga panitikang oral kung saan litaw ang pagpapahalaga at partisipasyon ng kababaihan sa lipunan. Mahusay na lunsaran ito sa pagpapakita ng isang lipunang Pilipino kung saan aktibo at kinikilala ang pasya at kilos ng kababaihan.

Sa papili ng iba pang akda, mahalagang pagtuunan ng pansin ang katangian ng mga babaeng tauhan at ang papel nila sa kuwento.

Kailangan din pansinin kung paano siya tinuturing ng lipunan, kabilang ang pagtingin sa kanya ng mga kalalakihan.

Muli, mainam ang pagpili ng mga akdang nagpapakita ng suliranin at tunggalian sa kasarian. Mahalagang aspekto ang pagbibigay puwang sa kababaihan o pagpapakita ng kanyang lakas at kayang gawin upang baguhin ang umiiral na sistemang patriyarkal.

c. Pagsulong ng Siyentipikong Lapit

Sa lipunang puno ng pamahiin, mahalaga ang pagsulong ng siyentipikong lapit kung saan pagtutunan ng pansin ang katwiran. Sa pagsulong ng siyentipikong lapit, binibigyang halaga ang kaalaman at aplikasyon nito upang maiangat ang sarili.

Ang mga uring naaabuso ay hindi na lang basta tatanggapin ang kalagayang ito itinadhana sa kanila. Hindi nila sisisihin ang kanilang sarili dahil sa katamaran o kakulangan ng kakayahan. Matututo silang maging kritikal sa kanilang lipunan at makikita nila ang ugnayan ng pag-iral ng mga sistemang panlipunan. Mula sa mapanuring pag-iisip, higit ang posibilidad para sa pagkilos.

Sa pagpili ng mga akda, mainam ang paghahanap ng mga tauhan na nagsusulong ng siyentipikong lapit sa mga sunliranin sa kanyang paligid.

Maaari ding ipakita ang umiiral na dominanteng kultura na nakatali sa mga pamahiin at isiwalat ang negatibong implikasyon nito.

**Kabuuang Pagtataya**

Sa kabuuan, ang makabayang gabay sa pagbasa ng mga umiiral na akda at sa pagpili ng mga susunod na akda, magtataglay dapat ang mga ito ng sumusunod na katangian:

Una, nakaayos ang mga akda sa konteksto ng kasaysayang bayan kung saan nakatuon ang pananaw sa aktibong pagkilos ng mga Pilipino sa kasaysayan ng bansa. Papalitan ang mga tanda ng bawat yugto sa kasaysayan ayon sa perspektibong makabayan at hindi sa dayuhang pananaw.

Ikalawa, ang mga tala kaugnay ng anyong pampanitikan ang magpapayaman sa pagtalakay ng bawat akda. Bibigyan ng mayamang talakay ang panitikang oral ng Pilipinas dahil maiaangat nito ang pagkakakilala ng mga Pilipino sa kanilang sariling lahi.

Ikatlo, ang nilalaman ng teksto ay kinakailangang magtaglay ng mga katangian ng pagiging makabayan. Inisyal na inilatag ng pag-aaral na ito ang dalawang katangian ng pagiging makabayan: ang pagbuwag sa kolonyal na kamalayan at pagsulong ng progresibong kultura. Maipapamalas ang pagbuwag sa kolonyal na kamalayan sa pamamagitan ng pagkilala sa soberanya, pagsulong ng wikang pambansa, at paglilingkod sa lokal na industriya. Sa pagsulong ng progresibong kultura, bubuwaging ang sistemang pyudal at patriyarkal habang isinusulong ang siyentipikong lapit. Ang mga katangiang

ito ang magsisilbing pinakamahalagang batayan sa pagpili at pagbasa ng mga akda.

Ikaapat, susugan ng mga tanong sa talakayan ang mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng mga gabay na tanong na magtatampok sa mapanuring pag-iisip at pupukaw sa damdaming makabayan.

Ang apat na puntong ito ang ilan lamang sa maaaring bumago o bumuong muli sa modyul ng ikawalong baytang upang makapagsulong ng makabayang kamalayan at damdamin sa mga mag-aaral.

## Sanggunian


Abueva, J. (1999). *Filipino nationalism*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Agcaoili, C. (2010). Kasaysayang bayan at tradisyonal na kasaysayan: Epekto sa nasyonalismo at pambansang identidad ng mga mag-aaral. *Alipato,* 4, 36-52.

Bonifacio, A. (2015) *Dekalogo.* Nakuha mula sa http.// www.filipiniana.net/Artifact View.co? artifac tID=BKW000000015&query=null&page=62

Constantino, L., (2015, Enero 11). *What is Filipino nationalism*. Nakuha mula sa http://www.thefilipinomind. com/2005/05/what-is- filipino-nationalismmrs. html

Constantino, R. (1975). *The Philippines: A past revisited*. Quezon City: Malaya Books.

Constantino, R. (1970a). *Dissent and counter-consciousness*. Quezon City: Malaya Books.

Constantino, R. (1970b). *The miseducation of the Filipinos*. Center for Nationalist Studies.

Constantino, R. (1970c). *Roots of subservience*. Quezon City: Malaya Books.

Fast, J., & Richardson, J. (1979). *Roots of dependency: Political and economic revolution in 19th century Philippines*. Quezon City: Center for Nationalist Studies.

Freire, P. (2005).*Pedagogy of the oppressed. (*30th Anniversary Edition) New York: The Continuum International Publishing Group Inc.

Garbones, M. C. E. (nd). *Understanding nationalism.* Nakuha mula sa http://learning fragments.blogspot.com

Gonzalez, A. TSC. (1987). *Language and nationalism—The Philippine experience thus far*. Manila.

Hau, C. (2000) *Necessary fictions: Philippine literature and the nation.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Ilagan, B. (2007). *Kultura ng represyon*. Nakuha mula sa http://avhrc- kult ura.blogspot.com/2007/04/

Inciong, T. (2008) *Basic education curriculum revisited: A look at the current content and reform.* Iniharap sa 11th Governing Board Meeting ng SEAMEO RETRAC, sa Institut Aminud din Baki (IAB), Genting Highlands, Malaysia,

Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas.(2013a). *Ulat ng DepEd ukol sa kurikulum ng K to 12.* Nakuha mula sa http:// www.deped.gov.ph/k-to-12/bec-cgs/als-program

Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas. (2013b*). Ulat ng komiteng Filipino-Baitang 7.* Nakuha mula sa http:// www.deped.gov.ph/resources/downloads/

Lumbera, B. (2000*). Writing the nation/Pag-akda ng bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Lumbera, B., at Lumbera, C. (1997). *Philippine literature: A history and anthology.* Pasig City: Anvil Publishing.

Lumbera, B., Guillermo R., at Alamon, A. (2007). *Mula tore patungong palengke: Neoliberal education in the Philippines.* Quezon City: IBON Philippines.

Lumbera, B., (2006). *Edukasyong panitikan ng mga Pilipino*, Nakuha mula sa http://avhrc-kultu ra.blogspot.com/2007/04/ noong

Lumbera B., (2004) *Splintering Identity: Modes of Filipino resistenca under colonial repression.*

Nadora, A. C. (2016). *Pagbabalangakas ng gabay sa makabayang pagpili at pagbasa ng mga akdang gagamitin sa pagtuturo ng Panitikan sa Ikawalong Baitang* (Tesis masteral). Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.

San Miguel, R., Villanueva, Z. (1987). *Tagumpay: Isang pag-aaral at pagpapahalaga sa panitikan ng Pilipinas*. Quezon City

Sison, J. M., (1994). *Imperyalismong pangkultura sa Pilipinas.* Nakuha mula sa http://avhrc-kultu ra.blogspot.com/2007/04/ noong

Sison, J. M., (1993). *The struggle for national and social liberation in Asia*. Nakuha mula sa http://avhrc- kultura.blogspot.com/2007/04/

Sison, J. M., (1966). *The need for cultural revolution*. Nakuha mula sa http://avhrc-kultura.blogspot.com/2007/04/

Tolentino, R., (2006). *Kulturang popular, imperyalistang glob alisasyon at gawaing kultural*. Nakuha mula sa http:// avhrc-kultura.blogspot.com/2007/04/

Villegas, E. (2007) *Komersalisasyon ng sining at panitikan sa ilalim ng kapitalismo*. Nakuha mula sa http://avhrc-kultura.blogspot.com/2007/04/